But the *manananggal* can also give what Stacy Alaimo terms a “pleasurable sense of identification.”³⁷ In her study of monstrous natures in contemporary horror, she states that “[p]erhaps the horrific but pleasurable sense of the ‘melting of corporeal boundaries’... can catalyze some sort of resistance to the desire to demarcate, discipline, and eradicate monstrous natures” (294). Here the *manananggal* can function as a necessary representation of a move beyond categorization and separation of woman from nature to a community of kinship with other animals, specifically the bat. In many cultures, though, the bat is associated with darkness, death, witchcraft and malevolence. This grapples with the human existential fears of isolation, independence and nonconformity. The fear of both disconnection and connection must be contended with, as the joining fear and desire confound the possibility for accepting and combining these stories of interrelatedness into notions of the self. When one considers oneself like a “bat” is to some extent embrace it and identify with it. This may be what people find both frightening as well as exciting about this way of thinking, as the limitations of the woman are transcended in the ability to escape surveillance, in non-generativity and in sustaining herself with fetuses taken from would-be mothers.

In conclusion, the folkloric *manananggal*'s devouring can be read in several interconnected ways. First, it may reflect the fear of people of the unborn child being devoured and destroyed. Here it is the patriarchal structure that “others” the *manananggal*'s “barrenness.” She is to be feared because she feeds on the fertile woman's offspring. The *manananggal* does not have children. So if we are to read and consider the part of the *manananggal*, this devouring may be seen as a woman's fantasy of literally incorporating the baby. In this manner, the boundary between her and the baby disappears. She has the baby inside without having to carry her in the womb, without having to go through pregnancy. If the *manananggal*'s fetus-eating is related to iden-

tification by incorporation of the other's body, she is not complying with the Other but with her own perception of the Other. The patriarchal structure will shun such a feminist move as she does not subscribe to the norm of the ideal woman, specifically one who will mother. The *manananggal* defies the very attempt to extricate the maternal subjectivity, as if to say that there is no such thing as a mother.

Because the *manananggal* provides such a mesmerizing locus for thinking about the hybrid creature discussed above, she can become a crucial figure in the shift in thinking from folk villain-ness to a more fluid idea of woman. Her hybridity necessitates that we rethink not only the bounds of the human (woman) and accept her interrelatedness with the qualities of the nocturnal mammal. The best gauge for this shift is more likely to be found in popular culture, as the audience to be pleased is the wider population, and so the themes with which they are attached to will be in what interests the public most. Pop culture can question the status quo and push cultural perceptions in new directions. It is a good place to endorse these changes as it approaches the public on common ground—the comics or in film or in a book. For instance, in the movie *Ang Manananggal sa Unit 23B* (The Viscera-Sucker in Unit 23B), Jewel (the *manananggal*) preys on different solitary alpha-males and assembles their bodies as victims of drug pusher rub-outs that have cardboard signs that reflect the current plight of society's vicious criminals. From here, she can push the viewers a step farther into unknown territory indicating the public's need to respond to developments in society. Without this visualization, we are not likely to make the radical shift in our thinking of human (woman) that is necessary. This woman-bat vision of boundary-blurring forces us to reconsider the initial horror she brings so we can move towards an acceptance and hopefully a deeper understanding of this monstrous figure.

"The supernatural is difficult terrain; of its very nature, it resists discourse," Marina Warner acknowledges in her erudite study of the role of shapeshifting in Western perceptions of self and other. She states "The languages—and images—it uses can only remain in flux, constituting the reality of what they claim to describe or evoke, and are consequently shape-

shifting themselves.”³⁸ I would argue that this holds true for the supernatural ground of the Philippines during the colonial Hispanic rule. Some scholars may object to the use of terms such as supernatural to a distinction between an observed world based on laws of nature and a range of phenomena seen to be a product of mysterious forces operating from beyond those laws. But by subsuming the shapeshifting *manananggal* into a seamless spectrum of “belief,” we risk assuming that Filipinos somehow regarded these unsettling entities as a “normal” part of existence. On the other hand, by dismissing them as mere imaginary folklore, we run an equal risk of locking the precolonial/Hispanic Filipino into a rigid straitjacket of rationality.

The *manananggal* is a monster who will follow you out of the door and into the light of day: “These monsters ask us how we perceive the world, how we have misrepresented what we have attempted to place. They ask us to reevaluate our cultural assumptions about race, gender, sexuality, our perception of difference, our tolerance toward its expression. They ask us why we have created them.”³⁹

NOTES

1. Maximo Ramos writes in *Philippine Demonological Legends and their Cultural Bearings* that there are other well-known terms for viscera-suckers: *abat* (Waray); *boroka* (Iloko, from Spanish word “bruja”); *mangalok* (Cuyonon); *aswang na lupad* (Bikol); *naguneg* (Iloko); *laman luob* (Tagalog) and *kasudlan* (West Visayan) (142). Viscera suckers are also found in Indonesia, Malaysia, Cambodia and Melanesia including the Trobriand Islands. They are known as *tanggal* in Indonesia and *srei ap* in Cambodia. Some viscera suckers are said to live in the jungle by day. They throw their arms over a branch, drape their hair over their faces, and sleep all day.
2. Refer to Judith Butler’s *Bodies that Matter*, 1-57.
3. Although there are some identifying marks that set her apart, one can certainly identify a witch by day when one sees one’s image inverted in the pupils of the *asuang*’s eyes.
4. Meñez 86.
5. Meñez 86-87.
6. Jean-Michel Sallmann, “Witches.” *History of Women in the West: Renaissance and Enlightenment Paradoxes*, vol. III, translated by Arthur Goldhammer, edited by Georges Duby and Michel Perrot, Harvard UP, 1995, 453.
7. Margaret Magat notes that a person can become an *asuang* in four ways: by personal desire, by receiving *asuang* powers from an *asuang*, by accidental contamination (eating food touched by an *asuang*); or by being born to an *asuang*. An individual who deliberately desires to transform into a viscera sucker must hold a “fertilized chicken egg against his/her belly and then tie it in place with a cloth around the body. After an unspecified time, the chicken from the egg passes into the stomach by a sort of osmosis. Then one becomes able to emit the sound characteristics” of the *asuang* (80). See “Balut: Duck Eggs and Their Role in Filipino Culture.” *Western Folklore* (Spring 2002) 61:1. 63-96. Another way to become *asuang* is by bringing two fertilized eggs to the cemetery after the Good Friday procession at night. There one should stand erect, gaze directly at the full moon without closing one’s eyes, place an egg under one’s armpit, and mumble certain words... when the egg disappears into the initiate’s stomach, she becomes an *asuang* (see Ramos, *Creatures of Lower Philippine Mythology*, 122).
8. Julia Kristeva, *Powers of Horror: An Essay on Abjection*, Columbia UP, 1982, 1.
9. Meñez, 94.
10. Greg Bankoff, “Devils, Familiars and Spaniards: Spheres of Power and the Supernatural in the World of Seberina Candelaria and her Village in Early 19th Century Philippines,” *Journal of Social History* 33:1 (Fall 1999), 37-55.

11. Bankoff relates the case as being about how power is conceptualized in a rural community in the late eighteenth- and earlynineteenth-century Philippines. Instead of overturning the ancient Philippine belief system, the forms and symbols of Christianity had been appropriated and merged within a pre-Hispanic mythology and tradition of chiefly female priestesses. The result is the formation of a hybrid cosmology. This cosmology was removed from the ideas of the Enlightenment than the Christianity of the early missionary fathers, who had at least shared with their converts more of a belief in the supernatural means of manipulating reality (49).
12. *Catalonan* is the Tagalog term for a local priestess.
13. The *babaylan* is a Visayan term for the local priestess who were mystical women and wielded social and spiritual power in pre-colonial Philippines.
14. Bankoff, 39.
15. Bankoff, 40.
16. Carolyn Brewer, *Holy Confrontation: Religion, Gender and Sexuality in the Philippines, 1521-1685*, St. Scholastica's College Institute of Women's Studies, 2001, 158.
17. Brewer, 158-159.
18. A demon familiar is also called a demon or imp. It generally follows the protagonist around and attacks every once in a while when it has been summoned.
19. Bankoff, 41.
20. Bankoff, 42.
21. Bankoff, 42.
22. Bankoff, 43.
23. Bankoff, 43.
24. These were recorded principally by Franciscan, Jesuit and Augustinian missionaries.
25. Meñez, 88.
26. Meñez, 92.
27. Bankoff, 40.
28. Meñez, 89.
29. Meñez, 90.
30. *Anito* is a collective term for the pre-Hispanic belief system in the Philippines that contains the spirits, including the household deities, deceased ancestors, nature spirits and *diwatas* (dryads). Ancient Filipinos kept statues that represented these spirits and asked them for guidance and protection. Much of this tradition has been Christianized and incorporated into what is now called folk Catholicism.
31. Meñez, 91.
32. Meñez, 91.

33. Meñez, 91. Cited from Pedro Chirino's *Relacion de las Islas Filipinas* (1604) found in Blair and Robertson (1903-1909) 12: 167-324, 271-275.
34. Meñez, 89.
35. See Teresita Infante, *The woman in early Philippines and among the cultural minorities*. Unitas Publications, 1975; Amaryllis Torres, ed. *The Filipino woman in focus: A book of readings*. University of the Philippines Office of Research Coordination, 1995; and Carolyn Brewer, *Holy Confrontation: Religion, Gender and Sexuality in the Philippines, 1521-1685*, St. Scholastica's College Institute of Women's Studies, 2001.
36. Jeffrey Jerome Cohen, "Monster Culture (Seven Theses)," *Monster Theory: Reading Culture*, edited by Jeffrey J. Cohen, U of Minnesota P, 1996, 3-25.
37. Stacy Alaimo, "Discomforting Creatures: Monstrous Natures in Recent Films." *Beyond Nature Writing: Expanding the Boundaries of Ecocriticism*, edited by Karla Armbruster and Kathleen Wallace, UP of Virginia, 2001, 279-296, 294.
38. Marina Warner, *Fantastic Metamorphoses, Other Worlds: ways of telling the self*, Oxford UP, 2002, 159.
39. Cohen, 20.

WORKS CITED

- Alaimo, Stacy. "Discomforting Creatures: Monstrous Natures in Recent Films." *Beyond Nature Writing: Expanding the Boundaries of Ecocriticism*, edited by Karla Armbruster and Kathleen Wallace, UP of Virginia, 279-296, 294, 2001.
- Bankoff, Greg. "Devils, Familiars and Spaniards: Spheres of Power and the Supernatural in the World of Seberina Candelaria and her Village in Early 19th Century Philippines." *Journal of Social History* 33:1 (Fall 1999). 37-55.
- Brewer, Carolyn. *Holy Confrontation: Religion, Gender and Sexuality in the Philippines, 152-1685*. Manila: St. Scholastica's College Institute of Women's Studies, 158, 2001.
- Butler, Judith. *Bodies that Matter: On the Discursive Limits of "Sex."* London: Routledge, 1993.
- Chirino, Pedro. *Relacion de las Islas Filipinas* (1604). In *The Philippine Islands, 1493-1898*, translated from the original, edited and annotated by Emma Helen Blair and James Alexander Robertson, with historical introduction and additional notes by Edward Gaylord Bourne. Cleveland, Ohio: A.H. Clark Company, 167-324. 271-275, 1903-1909
- Cohen, Jeffrey Jerome. "Monster Culture (Seven Theses)," *Monster Theory: Reading Culture*, edited by Jeffrey J. Cohen, University of Minnesota Press, 3-25, 1996.
- Eugenio, Damiana. "The Witch of Tawas." *The Legends: Philippine Folk Literature*. Quezon City: University of the Philippines Press, 165-166, 2006.
- Infante, Teresita. "The Woman in Early Philippines and Among the Cultural Minorities," edited by Amaryllis Torres, ed. *The Filipino Woman in Docus: A Book of Readings*. University of the Philippines Office of Research Coordination, 1995.
- Kristeva, Julia. *Powers of Horror: An Essay on Abjection*. New York: Columbia University Press, 1982.
- Magat, Margaret. "Balut: Duck Eggs and Their Role in Filipino Culture." *Western Folklore* (Spring 2002) 61:1. 63-96.
- Meñez, Herminia. *Explorations in Philippine Folklore*. Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 1996.
- Ramos, Maximo. *Philippine Demonological Legends and their Cultural Bearings*. Quezon City: Phoenix Publishing House, 1990.
- . *Creatures of Philippine lower mythology*. Quezon City: University of the Philippines Press, 1971.
- Sallman, Jean-Michel. "Witches." *History of Women in the West: Renaissance and Enlightenment Paradoxes*, vol. III, translated by Arthur Goldhammer, edited by Georges Duby and Michel Perrot. Harvard UP, 453, 1995.
- Warner, Marina. *Fantastic Metamorphoses, Other Worlds: ways of telling the self*. Oxford UP, 159, 2002.

Bakas

Dalumat ng Gunita't Hinagap, Memorya ng Kinabukasan

E. San Juan, Jr.

University of the Philippines, Diliman

ABSTRACT

Any human life is subject to contingency, accidents, and gratuitous occurrences that seem like fate or destiny. Each one occupies variable subject-positions depending on time-space coordinates: here, the places where the poet successively lived. But space undergoes dialectical transformations, as the subject grows up and experiences diremption: the diverse others interpellate and reconfigure the trajectory of her adventure. While the Filipino subject evolves by sublating the Others and producing self-consciousness by going through the ordeals of death and rebirth, its quest for self-determination is concretized by the crucial events of the nation that construct the metamorphic identity of the poet coeval with the popular forces (workers, peasants) that unite to engender the organic intellectual of a counterhegemonic formation.

Sinumang tao sa mundo ay inaruga sa aksidente, pasumala, walang-saysay na pangyayaring tila tadhana o kapalaran. Lahat ay nakalagay sa laging nagbabagong posisyon batay sa tinandang espasyo't panahon: dito nakatala ang mga lugar kung saan tumira ang makata. Ngunit ang lunan ay sumusulong sa paraang diyalektikal, habang nakikipagsapalaran. Dumaranas ang diwa ng paghahati, habang nakikipagkapwa, nakikipag-ugnayan, hinuhubog ang landas ng paglalakbay. Samantala, ang subjek na tinaguriang Pilipino ay umuusbong,

tumutubo, nahihinog, sa pagyapos sa Ibang Tao, nagbubunga ng kamalayang pansarili, sa proseso ng pagkamatay at muling pagkabuhay. Nabubuo bilang kongkretong yunibersal ang pagkatao ayon sa mga makabuluhang pangyayari sa kasaysayan ng bansa. Iyon ang lumilikha ng nagbabagong identidad ng makata na nakatugma sa mobilisasyon ng mga lakas-sambayanan, nakatuon sa kasukdulang pagtutunggali ng mga uri sa lipunan, upang sa gayon kumilos bilang organikong intelektuwal ng rebolusyong rumaragasa, isang pormasyong kontra-hegemonya.

KEYWORDS

poetika, kolonisasyon, neokolonisasyon, subalterno, geist (ideyang unibersal), globalisasyon, existentialismo, lomodipikasyon, organikong intelektuwal

AVENIDA RIZAL, STA. CRUZ (1938-1944)

Buhay ay pakikipagsapalaran, lihis sa iyong pagnanais o pagnanasa
Pook na dinatnan ay hindi nakaguhit sa dibdib, balintunang hinala
Pook na binagwis ng alaala't pag-aasam
Tumatawid sa agwat/puwang ng panahong gumugulong sa buhangin
Nakalingon habang dumudukwang sa agos ng alon—
 anong kahulugan ng pagsubok at pangakong itinalaga ng panahon?
Tayo ba ang umuugit sa daluyong ng kapalaran?

Lumilihis sa bawat liko, sa bawat sandali nag-iiwan ng bakas ang katawan
Sa bawat sulok, matatagpuan ang uling/alabok ng buong kasaysayan—
Bumabagtas sa bawa't yugto ang tunggalian ng uri, saan kang panig makikisangkot,
 kaya kailangang magpasiya
Upang masunggaban ang sungay ng tadhana, ikawing ito
 sa ating adhika't pangangailangan ng komunidad—
Tanong mo'y saan? Sagot ko'y kailan? Bibingka ng hari, di mahati-hati...

Tuwing umaga'y nalalanghap ang anghot ng ihi't dumi ng kabayo
 sa kuwadra ng San Lazaro tabi ng Oroquieta Ospital ang kinagisnan—
Agwat/puwang ng panahon, kaluluwang humibik
 sa pagitan ng Tayabas at Batangas, bininyagan sa Iglesia Espiritu Santo

Kapagkwa'y tumawid at naipit sa riles ng Blumentritt at estero ng Dimasalang
 malapit sa pugad ng pampang si Marina noong 1945...
—“dala-dala'y buslo... pagdating sa dulo”—
Sa mga eskinita lumalagos ang bango ng piniritong isda't ginisang bawang sibuyas
 kamatis luya
Sa bingguhan asaran biruan ng mga kamag-anak

Amoy ng dura't pawis masangsang na putik sa harap ng 2121 Avenida Rizal
 kung saan napanood ang prusisyon ng libing ni Manuel Quezon

Takas, pumipiglas—

Pinaulanan ng bala ng gerilyang Huk ang PC istasyon sa munisipyo ng Montalban
—hindi lamang pito ang baril nila, di lamang siyam ang sundang—

Taginting ng salapi’y hungkag sa hinagap ng Boddhisatvang umakyat
sa lambak doon sa Wawa kung saan

nagkublli sina Andres Bonifacio’t at mga gerilyang Katipunan...

Umahon mula sa kabilang ibayo ang kamalayang sumasagap sa tinig ng panata
hindi mula sa Benares o Herusalem kundi sa Sierra Madre

upang humabi ng sutrang kayumanggi mula sa tadhanang gumugulong...

Sunggaban ang suwag ng kapalarang naligaw sa rumaragasang unos

Malayo na sa kilabot ng mga Hapong umurong sa Wawa

Pinaligiran ng tropang Amerikano, sindak ng imperyalismong sumasabog...

Gumising doon sa bukung-liwayway ng Liberasyon at tuloy sa dagundong
ng magulong Maynila, sunog sa Korea at Arayat

mabilis pa sa alaskuwatrong tumungo sa sinehang Lotus at Noli

Kung saan narinig ang “Fascination” nina Dinah Shore at Belle Gonzales—

Bigkasin mo ang pangalan ng mga kolaboreytor at bayaning nagbuwis ng buhay...

Ngayon ay alingawngaw ng panahong

Lumikha sa mga pangyayaring

Lihis sa iyong pangarap at panimdim

Kapwa ninais at pinilit

Kapwa tinaggap at tinanggihan: kailan? saan?

Sa pag-inog ng pakikipagsapalarang tila walang simula’t katapusan.

3. BALINTAWAK, QUEZON CITY (1951-54)

Pangangailangan ang umuusig sa pagkikipagsapalaran, gumaganap ang bulag na
simbuyo

Sa daluhong ng kasaysayan, hindi maiiwasan o maitatakwil

Kaya ang sumunod sa nesesidad ay malaya't magpapalaya
sa kahinungan ng panahon, pahiwatig ng mga pantas...

Sumisingit sa baklad ng gunitang balintuwad:

Minsan tinapos ko ang Crime and Punishment ni Dostoevsky
isang haping maalinsangan

Di ko malilimutan ito, gabi na ng ibaling ang paningin sa bintana

Lihim na pagkahumaling ko kay Esther Deniega (lumisan na) ay iburo sa balong
malalim, punong-puno ng patalim, balong hindi malingon

Tulad ng pagsasama namin nina Ernie at Pete Daroy

Sa limbo ng mga paglililiwaliw, sa impiyerno ng mga pag-aalinlangan at agam-agam

Mabuhay kayong mga itinapon,

Nakarating na kayo sa ipinangakong himpilan, ipinaginip na himlayan.

“Dalawang pipit, nagtitimbangan sa isang siit, sumusungit ng bituin”

Di nagluwat, sumabak sa pakikibaka laban sa US-Marcos diktadurya—

Minagaling ang basag kaysa baong walang lamat

Sapagkat sa kaibuturan ng aksidente, pagbabakasakali, namumutawi

ang siglang pagbubuhatan ng tagumpay ng ating minimithi,

Hindi salita kundi hibo't hikayat ng panaginip at guniguni, matris ng himagsikan,

ang lugar ng panahong nahinog sa yapos at aruga

ng mga magulang at mga gurong nagmalasakit...

Huwang mong basahin ito

Tatak ng titik titik ng tiktik

Huwag tingnan huwag sipatin

Huwag silipin huwag sulyapan
Tatak ng titik titik ng tiktik
Huwag mong titigan baka ka malikmata't maalimpungatan...

Asul ang kulay ng langit sa parang at lambak ng Diliman—

Aso ko sa pantalan, lumukad ng pitong balon, humugos sa pitong gubat
bago natanaw ang dagat—

Walang katuturan ang panahon kung walang pangarap o pag-asa
Pagnanais ang matris ng pangyayari, pagnanasa ang ina ng katuparan
Kabiyak na niyog, magdamag na kinayod,
Naghasik ng mais, pagkaumaga ay palis—
Huli ng balintataw ang mailap na buntala ng iyong mithing talinghaga,
pangarap ng pithayang alumpihit pumaimbulog sa kawalan.

4. CRAIG, SAMPALOC, MAYNILA (1955-60)

...Subalit ang kalayaang magpasiya'y nagkabisa
Sa isang tiyak na pook at itinakdang pagkakataon
Bagamat limitado ang kapangyarihang umalsa't bumalikwas
Walang pangyayaring magaganap kung wala ka,
Sintang itinaon sa gitna ng maburak na Pasig.

Bumagsak ang eruplano ni Magsaysay ngunit nkalimutan
na ang CiA ahenteng Lansdale, sa gayon
Neokolonyang teritoryo pa rin tayo hanggang ngayon...

Agos de pataranta sa Palomares at Gardeniang dinalaw ng mga GI
pagkatapos sumuko si Aguinaldo't nawala si David Fagen

Magkabalikat kami nina Ernie at David Bunao sa bilyaran sa Quiapo
Di inalintana kung may hirap, hanapin ang ginhawa
Aralin ng pakikipag-ugnayan sa Culi-Culi, Marikina, massage parlor sa Raon
Walang matimtimang birhen sa lagalag na kaluluwang naghuhunos
Di bumibilang ng bukas-makalawa upang paraanin ang nagparaan—
Walang matiyagang hayup sa magayumang kalapating sumasayad sa pampang...

Shantih Shantih Weiilala leia Wallala leialala

Bago umakyat sa Baguio, tumawid kami sa Tayug, Pangasinan, nina Mario Alcantara
at Pablo Ocampo, kumakampanya para kina Recto-Tanada
Hindi ko batid noon na malapit sa Binalonan, bayan ni Carlos Bulosan...
Noong 1972 ko na lang napag-alaman ito sa lilim ng Pulang Bandila

Lumangoy at lumutang sa usok sa Luneta't daungan ng Manila Bay
Tudyo't halakhak ng mga kaibigang nakausad mula sa Tundo hanggang Sta Cruz & Quiapo
Tatlong bundok ang tinibag bago dumating nang dagat
Walastik, para kina T.S. Eliot Joyce Nietzsche Sartre, tapos ang boksing sa Sarili
Walastik, naghalo ang balat at tinalupan sa turo ng pilosopong galing sa Popular
Bookstore

Di naglaon, tumubo ang sungay at tumindi ang pagnanasang makahulagpos
—"karga nang karga, kahit walang upa" ang islogan ng anarkista
bago sa engkuwentro kina Marx Engels Lenin Lukacs noong dekada 1965-72...

Pumalaot na mula sa daungan ng Subic Bay
Lupa't tubig ang nakalunsad
Apog at asin sa lagusan
Tinalunton ang landas pabulaos mula sa Ilog Montalban
Halos magkandarapa halos sumubsob
Hindi pa nakaraos
Hindi pa natutuklasan: kutob, ligamgam
Hangin at apoy ang bumuhos

Hindi pa yari ang proyektong idaraos
Pumalaot na sa hanggahang di-abot-tanaw
Humugos sa dalampasigan
Tubig lupa hangin apoy
Apoy hangin apoy

ILANG PAGNINILAY SA “BAKAS”

Proyekto sa Pagbuo ng Kolektibong Memorya ng Nagkakaisang-hanay, O, Bakit Walang Pahinga ang Pakikibaka Kahit Nagayuma sa Interlude ng Awit?

Sa puwang ng ilang pahina, hiniling ng patnugot na ipahayag ko ang ars poetikang nakatalik sa tulang “Bakas.” Balighong hinuha, ngunit sa tangkang paunlakan, sinubok ng makata ang interpretasyong sumusunod na bukas sa anumang pasubali, pagwawasto, at pagpapabulaan.

Pambungad na gabay muna: Huwag kalimutan na nakapaloob sa kolonyalismong orden ang lahat ng intelektwal sa ating bayan, mula 1899 hanggang 1946, at sa neokolonyalistang istrukturang saligan ng Estadong nakapalilim sa imperyalismong U.S. Dahil sa kapangyarihan ng pribadong pag-aari (kapitalista, piyudal) at di-makatarungang dibisyon ng trabaho, patuloy ang digmaan ng mga uri’t iba’t ibang sektor ng lipunan. Mistipikasyon at obskurantismo ang namayani sa klima ng panahon ng pagkagulang ng makata (1938-1948), at utilitarianismong neoliberal mula 1949 hanggang sa ngayon. Samantala, maigting din ang paglago ng mga puwersang sumasalungat sa hegemonya ng kapitalismong global.

Walang tabula rasa sa naratibo ng talambuhay. Masasaksihan doon ang suliranin ng “Unhappy Consciousness” (Hegel) na diyalektika ng ugnayan ng alipin at panginoon sa islang sinakop. Kolonyalisadong mentalidad ang minana ng makata hanggang magkaroon ng kabatiran sa panahon ng anti-imperyalismong pag-aalsa laban sa U.S. interbensiyon sa Vietnam at pagsuporta sa diktaduryang Marcos (1972-1986). Ang katotohanan ng kolonisasyon/neokolonisasyon ng isang subalterno at kung paano maitatakwil ito’t makahuhulagpos sa nakasusukang bangungot ng pang-aapi’t dominasyon—ito ang tema ng “Bakas.” Sa trabaho ng negasyon, sa pamamagitan ng gawaing subersyon ng umiiral, bumubukal ang kinabukasan na siyang katubusan ng nakalipas. Ililigtas din nito ang Rason/Idayang ipinagtanggol ng mga bayaning nagbuwis ng buhay upang mapalaya ang sambayanang lumilikha ng pagkataong Filipino at kalinangang batayan ng sosyalismong hinaharap.

MAPA NG SALAYSAY

Di na dapat sabihin na matatarok lamang ang buod ng karanasan kung pagdurugtungin sa banghay ng naratibo ang proseso ng pagsulong at kinahinatnan. Mauunawaan sa gayon ang Konsepto (Begriff) ng kolektibong kamalayang nagbabanyuhay. Kaya susubaybayan natin ang detalye ng panahon at lugar na sumasagisag dito. Bawat nilalang ay nakaangkla sa isang espasyong partikular, lunan o pook kung saan nakaluklok ang Ideyang Unibersal (“Geist,” bansag ni Hegel; ang kooperatibang humanidad, sa isip ni Marx-Engels). Ngunit walang kabuluhan ito kung hindi nailalakip sa daloy ng kasaysayan.

Naimungkahi ni Henri Lefebvre sa “The Production of Space” na ang produksiyon ng espasyo ay isang usaping kaugnay ng buhay o kamatayan para sa bawat lahi. Naisusog niya na walang makailag sa “trial by space—an ordeal which is the modern world’s answer to the judgment of God or the classical conception of fate” (416). Adhikain ng tula ang himaymayin ang ideolohiyang minana sa kolonisadong kultura ng Commonwealth at neokolonyang Republika sa paraan ng paghahalo’t pag-uugnay ng iba’t ibang kontradiksiyon ng karanasan, paghahalintulad ng pira-pirasong yagit ng gunita, alanganin, pagsisisi, panimdim, pangarap, pagkabigo, mapangahas na pagsabak sa daluyong ng pakikipagsapalaran. Makikilatis ang tunguhin ng bawat tagpo sa tula: ang balak na lumikha ng identidad mula sa metapisikal na indibidwalistikong ego tungo sa isang konsepto ng budhi ng pagkatao. Sa kabilang dako, layon din na makalinang ng isang diwa o matris ng kolektibong ahensiya ng uring gumagawa o yumayari—sa ibang salita, ang ahensiyang istorikal ng mga manggagawa’t pesante, ang bayang pumipiglas sa kadena ng imperyalismo’t burokratang kapitalismong namamayani hanggang ngayon. Ito ang protagonistang uugit sa transpormasyong radikal ng bansa.

Sinikap dito na isatinig ang kolektibong memorya sa pagbabay sa mga kontradiksiyong masisinag sa karanasan ng makata. Kailangang ilugar ang nangungusap na aktor sa isang takdang yugto ng kasaysayan. Kung walang katawan, walang mararamdamang pangyayari, walang bisa’t katuturan ang pontensiyal ng kaluluwa—ang birtud ng inkarnasyon. Sino ang bumulong ng

balitang isisilang na ang Mesiyas? Kinakasangkapan ng sining ang ilusyon ng anyo o hitsurang nadarama upang maibunyag ang katotohanan, ang sintesis ng sangkap at kaakibat na totalidad. Sa gayon, hindi matatakasan ang araw-araw na pakikihamak, tuwa't daing ng mga katawang magkabalikat. Bawat pulso ng wika'y siya ring pulso ng body politic, ang komunidad na kinabibilangan ng makata. Artikulasyon ng katutubong wika (hindi Ingles) ang mabisa't mabungang medyasyon ng bahagi at kabuuan.

MOBILISASYON NG PAGNANASA

Nasaan tayo ngayon? Patungo saan? Balitang nakatambad sa Internet: Martial law sa Mindanao, patayan sa Marawi City ngayon, mistulang katuparan ng binhing naipunla noong dekada 1972-1986 kung saan namulat ang makata sa realidad. Paano maipangangatwiran ang sining/panitikan sa gitna ng gulo't ligalig, malagim at nakasisindak na paghahari ng terorismong gawad ng imperyalistang globalisasyon? Paano maikikintal sa konsiyensiya ng lahi ang balangkas ng buhay na nakagapos sa anomie at alienasyong naibunsod ng komodipikasyon ng bawat bagay—panggagahis o pagbebenta sa karanasan, pag-ibig, seks, panaginip? Lahat ay nalusaw sa fantasmagorya ng salapi at bilihing lumamon sa dugo't espiritu ng bawat tao. Saan ang lunas sa malubhang salot na nagbuhat pa sa pagsakop ng Estados Unidos nang mabuwag ang proyekto ng himagsikan ng 1896 at nalubog tayo sa barbarismong laganap ngayon? Nabalaho ang kasaysayan natin sa gayuma ng komoditi/bilihin, sa diskursong burgis ng pamilihan/salapi at indibidwalistikong pagpapayaman.

Ituring na alegorya ang imahen, tayutay o talinghagang ikinabit dito sa ilang pook ng MetroManila kung saan nagkaroon ng kamalayang sosyal ang makata. Isinilang bago pumutok ang WW2, nasagap pa ang huling bugso ng nasyonalismo ng Philippine Commonwealth (Avenida Rizal). Nagbinata noong panahon ng Cold War, panahon ng Korean War at pagsugpo sa Huk rebelyon—rehimen nina Quirino, Magsaysay at Carlos Garcia (Montalban, Rizal). Tinalunton ang landas tungo sa pagpasok sa Jose Abad Santos High School noong nakatira sa Balintawak; at sa paglipat sa Craig, Sampaloc, nasabit sa mga anarkistang pulutong sa Unibersidad ng Pilipinas.

Di sinasadya itong makitid na ruta ng uring petiburgis. Paniwala ito ng aktor/suheto ng pansaliring pagnanais. Natambad sa positibismong pilosopiya nina Dr. Ricardo Pascual at mga kapanalig—sina Cesar Majul at Armando Bonifacio—at nakisangkot ang awtor sa kampanya nina Recto-Tanada noong dekada 1954-58. Nakilahok din sa praxis ng diskursong sekular laban sa panghihimasok ng ilang reaksyonaryong kleriko sa akademya. Nakakawing sa mga pook na naitala ang ilang pangyayaring nagsilbing konteksto sa paghubog ng diwang mapagpalaya't makabayan, diwang tumututol sa umiiral na ordeng puspos ng pagsasamantala't korapsiyon, ng walang tigil na tunggalian ng uri, kaalinsabay sa pagsigla ng pambansang pagsisikap makalaya't makamit ang tunay na kasarinlan at pambansang demokrasya.

Salungat sa pormalistikong estetikong iginigiit ng akademikong institusyon ang buhay ng makatang tinalunton dito. Litaw na nagbago ang kama-layan sa pamamagitan ng ugnayan ng praktika at teorya, hindi lang pragmatikong pakikilahok at pakikiramay. Maraming balakid, natural, ang ruta ng gitnang klase sa lipunan. Tubo sa petiburgesyang uri—guro sa haikul at pamantasan ang mga magulang, na naging kamag-aral nina Loreto Paras-Sulit at henerasyon nina Jose Garcia Villa at Salvador P. Lopez—naging huwaran ang mga intelektuwal sa milyu ng Komonwelt. Unang pumukaw sa imahinasyon ang mga pelikulang Hollywood, mga huntahuan ng tiyo't tiya sa Blumentritt, ang mga kuwento ng kaiskuwela sa Jose Abad Santos High School sa Meisic, Reina Regente, na ngayo'y higanteng mall sa Binondo. Nagpasigla rin si Manuel Viray, tanyag na kritiko, at naglaon sina Franz Arcellana, Rony Diaz, Ernie Manalo, Pete Daroy, Gerardo Acay, Carlos Platon, Ruben Garcia, atbp. Huwag nang banggitin ang palasintahing pagpaparaos ng panahon na pwedeng suriin sa isang nobelang education sentimental—tila kalabisan na ito, mangyari pa.

NALIGAW NA MAPA NG PAGLALAGALAG

Bagamat kabilang sa mga petiburgesyang etsa-puwersa, hindi biglang naging maka-kaliwa ang awtor—matinding impluwensiya sa simula ang Existentialismong naisadula nina Sartre, Camus, Marcel, Nietzsche, Kierkegaard. Ginagad sina Villa, T.S. Eliot, Wynhdam Lewis (tingnan ang

“Man is a Political Animal” at iba pang detalye sa Kritika Kultura #26) at mga awtor na tinangkilik ng mga kaibigang kalaro sa bilyaran at kainuman sa Soler, Sta. Cruz, Quiapo at Balara. Tanda ko na laging bitbit ko noong katulong ako sa Collegian ang libro ni Sartre, *What is Literature?* Hihintayin pa ang dekada 1965-1975 bago mapag-aralan sina Mao, Lenin, Lukacs, Marx, Engels, Gramsci, atbp. Nauna si Mao noong huling dako ng dekada 1960, at sumunod si Georg Lukacs sa antolohiya kong *Marxism and Human Liberation* (1972). Mapapansin ang indibiduwalistikong himig ng tula, na hango kina T.S. Eliot, Ezra Pound, at W.B. Yeats, mga manunulat na naging ulirang padron noong aktibo sa UP Writers Club at sa krusadang anti-obskurantismong pinamunuan nina Pascual, Alfredo Lagmay, Augustin Rodolfo, Leopoldo Yabes, Elmer Ordonez, at iba pang guro sa pamantasan. Nakaimpluwensiya ang mga sallita’t kilos ng mga iskolar-ng-bayan, at naging tulay ang tradisyong humanistikong iyon sa pakikipagtulungan ko kina Amado V. Hernandez at Alejandro Abadilla noong mga dekada 1960-1967. Hindi dapat kaligtaan ang pakikisama ng awtor kina Ben Medina Jr., Rogelio Mangahas, Ave Perez Jacob, Efrén Abueg, at ibang kapanalig sa kilusang makabayan.

Bakit panitik o sining ang napiling instrumento upang maisatinig ang mailap na katuturan/kahulugan ng buhay? Anong saysay ng tula sa harap ng mabilis na transpormasyon ng lipunan—ang pag-unlad nito o pagbulusok sa lusak ng barbarismo ni Duterte at oligarkong kasabwat? Noon, masasambit bigla ang pormularyo ng Talks at the Yenan Forum ni Mao. Sapantaha kong nakausad na tayo mula sa dogmatikong gawi. Sukat nang sipiin ang bigkas ni Amado Hernandez sa panayam niya tungkol sa sitwasyon ng mga manunulat noong 1968: “Ang kanilang mga katha ay hindi na bungangtulog kundi mga katotohanang nadarama, kaugnay at kasangkot sa mga pakikibaka ng lipunan at taongbayan at ng pagbabalikwas ng uring dukha laban sa inhustisya sosyal ng mga manghuhuthot at mapanlagom” (Panata sa Kalayaan ni Ka Amado, ed. Andres Cristobal Cruz, 1970).

SALUNGGUHITAN ANG SANGANDAAN

Nasa kalagitnaan na tayo ng pagtawid sa ibayong pampang, bagamat naudlot ang usapang pangkapayaan sa pagitan ng gobyerno at National Democratic

Front (NDFP). Inaasahan kong naisaulo na natin ang prinsipyo ng materya-
lismong istorikal: ang konkretong analisis ng masalimuot na paglalangkap ng
sari-saring dimensiyon ng anumang krisis sa kasaysayan. Umpisahan natin
ang mapanuring pagtalakay ng kasaysayan sa metodong Marksista: malawak
ang imbak na posibilidad ng sambayanan, ngunit ito’y binhi pa lamang ng
kinabukasang nahihimbing sa pusod ng kasalukuyan (ayon kay Ernst Bloch).
Gayunpaman, hindi natin mahuhulaaan ang tiyak na oras o sandali ng kagyat
na pagsalimbay at pagdagit ng anghel ng Katubusan.

Ito ang dahilan sa pagdiin ng makata sa kontradiksiyon ng di-maii-
wasang pangangailan at libertad, ang larangan ng contingency at ng nese-
sidad. Naitanghal na ito ng mga suryalistikong artista at nina Pablo Neruda,
Bertolt Brecht, Lu Hsun, Aime Cesaire, atbp. At naipaliwanag din ito sa
pilosopiya nii C.S. Peirce (ang polarisasyon ng tadhana at aksidente; tychism,
synechism). Sa paglagom, ang kalayaan ay nagmumula sa pagkabatid sa batas
ng kalikasan (tendensiya, hindi istriktong batas, batay sa galaw o kilos ng
produktibong lakas ng komunidad).

Sa masinop na imbestigasyon, masisilip din ito sa Tao Te Ching, o sa
akda nina Clausewitz at Sun Tzu hinggil sa arte ng digmaan. Kaugnay nito,
pag-isipan din natin ang turo na ang sining ay hindi tuwirang salamin ng
realidad kundi simbolikong praktika. Sa pamamagitan ng retorika, taling-
haga, sagisag, binibigyan ng solusyong ideolohikal o pang-imahinasyon
ang konkretong kontradiksiyong pulitikal-sosyal sa lipunan. Tungkulin
ng manapanuring aktibista ang pagsiyasat at pagsaliksik sa subtexto na mga
kontradiksiyong pinoproblema sa karaniwang buhay ng madla sa lipunan.

PAHIMAKAS SA PATNUBAY NG MGA BATHALA

Sa larangan ng malikhaing panulat, desideratum sa makata ang paghabi ng
makabagong artikulasyon sa loob ng parametro ng sistemang lingguwistika,
at sa musikero ang pagyari ng baryasyon sa tema sa loob ng kumbensyonal
na kuwadrong sonata o fugue, halimbawa. Lumisan na ang Musang maipag-
bubunyi. Naiwan na lamang ang gumuhong labi ng malungkuting alin-
gawngaw ni Maria Makiling sa Pinagbuhayan ng bundok Banahaw. Marahil,
bukas, makikipag-ulayaw tayo sa mga Pulang Mandirigmang nagdiriwang sa

liberated zone ng Sierra Madre.

Balik-aralin ang proposisyon ni Sartre: Kanino mananagot ang manunulat? O sa pagtatasa ni Brecht: dapat bang mang-aliw o magturo ang manunulat? Maari bang pag-isahin ang naihiwalay sa aksyomang klasikong dulce et decorum, ang responsibilidad na magpataas ng kamalayan habang nagliliwaliw at nagsasaya? Maibabalik ba ang gintong panahon nina Balagtas at Lope K. Santos?

Sa panahon ng kapitalismong neoliberal, at madugong militarisasyon ng bansa (sa ironikal na taguring Oplan Pangkapayapaan), paano maisasakatuparan ang pagbabalikwas sa lumang rehimen at pagtatag ng makatarungang orden? Paano mapupukaw ang manhid na sensibilidad ng gitnang-uri na nabulok na sa walang-habas na komodipikasyon? Hindi na matutularan ang huwarang kontra-modernismo ng makatang Charles Baudelaire, halimbawa, na nagsiwalat ng kabulukan ng burgesyang lipunan noong ika-1800 siglo (ayon kay Walter Benjamin, *The Writer of Modern Life*, 2006).

Ano ang dapat gawin? Malayo na tayo sa milyung inilarawan ni Ka Amado noong 1968. Sa ngayon, ang katungkulan ng mandirigmang makata (mithiin ng awtor ng “Bakas”) ay makisangkot sa pagbuo ng hegemonya ng proletaryo’t magbubukid bilang organikong intelektuwal ng nagkakaisang-hanay (tagubilin ni Gramsci) sa panahon ng imperyalismong sumagsagka sa pagtatamasa ng kasarinlan at kaunlaran ng bansa. Huwag kalimutan ang Balanggiga? Oo, subalit huwag ding kalimutan ang Maliwalu, Escalante, Mendiola, Marawi! Itampok ang bumabangong kapangyarihan ng sambayanan! Sa halip na mag-fokus sa egotistikang talambuhay, ibaling ang isip sa mabalasik na bugso’t pilantik ng kolektibong gunita na mauulinigan sa musika ng “Bakas.” Sukat na itong magsilbing pahimakas sa kabanatang ito ng paglalakbay ng manlilikha sa mapanganib na pakikisalamuha (hindi pakikipagkapwa) sa digmaang-bayang rumaragasa’t patuloy na gumigimbal at bumabalantok sa buhay ng bawat nilalang sa milenyong ito.

@RTDAGLI

Maiklingmaikling Kwentong SMS at Tweets

Rolando B. Tolentino

University of the Philippines
Institute of Creative Writing

ABSTRACT

Ang sanaysay ay poetika ng manunulat sa pagsulat ng maiklingmaikling kwentong kasya sa character ng SMS at tweet. Iminamapa ng sanaysay ang paghahabi ng makabagong anyong online bilang lunduyan ng sawikain, aporismo, bugtong, at maikling naratibo. Politikal ang layon sa experimentasyon sa porma at laman, para makapanghamig ng maalam, mapagtanong at mapanghamong reaksyon mula sa mambabasa na may kapasidad rin mismo na makapagpalawig pa ng naturang anyo, laman at interogasyon sa sariling posts at komento sa mga social media platform. Ang ikalawang bahagi ng artikulo ay mga halimbawang bunga ng naturang experimentasyon, partikular sa pagdalumat sa kontemporaryong konsepto ng haka-haka, sapantaha, spekulasyon at guni-guning alternatibong imahinaryo at posibilidad sa pagmumundo ng sandali, tagpo at pagkatao.

KEYWORDS

dagli, maiklingmaikling kwento, poetika, malikhaing pagsulat, kwentong SMS, kwentong tweet

Ang proyekto ay pagbuo ng koleksyon ng maikling-maikling kwento ng maximum na 140 characters na SMS o short-messaging system, na siya ring sakop ng “tweets” o postings sa isa sa pinakapopular na social networking sites, ang Twitter. Hango sa nosyon ng retweeting (“RT”) na may format na gumagamit ng “@” at Twitter account name (sa kasong ito “dagli” o ang naunang sinimulang anyo ng maikling kwento sa kasaysayan ng bansa), ang retweeting ay praktis na nagpapasa’t nagfo-forward ng mensahe--ang tweet na maikling-maikling kwento—sa “followers” ng user, na siya ring bumubuo ng kanyang virtual na komunidad. Nais idiin ng proyekto ang kapasidad ng porma ng panitikan na umangkop sa makabagong teknolohiyang tinatangkilik ng mas kontemporaryo’t makabagong mambabasa.

Mahalaga ang porma ng panitikan dahil may kaakibat itong kakayahang makapaglahad ng kahulugan sa piniling maabot na odyens. Ang epiko, halimbawa, ay nililikha ng komunidad pero ang epikong mang-aawit ang nagbibigkas-nagtatanghal ng saysay at ritmo ng mahabang tula para mapagbuklod ang kasapian ng komunidad. Ang nais tumbukin ng proyekto ay sa kontemporaryong panahon ng makabagong teknolohiya na may natatanging katangian na “mass” (malawakan ang naabot) pero individualisado’t personalisado ang gamit, paano maiaangkop ang porma na makaabot sa mas maraming mambabasa, tumatangkilik, user, at odyens? Sa pamamagitan ng explorasyon ng makabagong porma may pag-angkop sa makabagong kapasidad ng makabagong teknolohiya maaninag ang kapasidad ng porma’t laman ng panitikan para kumalat, umabot, maunawaan, magkaroon ng bisa’t kahulugan sa kontemporaryong mambabasa.

Dulot ng pag-agapay ng porma sa makabagong teknolohiya, magbabago rin ang laman o ang paglalahad ng nais sabihin: mas maigsi, saktong, kontresado, direkta, mas wasak (fragmented) na siya ring nagsasaad sa termino ng kabataan (wazak o masayang trip o sabog) ng makabagong kasiyahan sa pagtanggap sa mensahe.

BALIKTANAW SA KASAYSAYAN NG PAGKATHA

Bago pa man formal na naipakilala ang anyo ng maikling kwento sa panahon ng kolonialismong Amerikano na nagpakilala at nagpalaganap ng pampub-

likong sistema ng edukasyon ay may sinauna nang porma ng prosang panitikan na naglalahad ng katha. Ito ang dagli o maikling kwento ng pagpupugay, pakikipagdiskurso, paglalahad ng pag-ibig at mensaheng may politikal na komentaryo. Ang ginagawang pagpapakilala ng kwento sa klasrum at sistemang edukasyon ay naglayong magpakilala ng mga formal na elemento na bubuo ng kabuuan ng porma, kahulugan at karanasan sa maikling kwento. Matapos ng mga 15 hanggang 20 taon ng pakatuto ng panitikan at pagsulat sa pampublikong sistema ng edukasyon, nagsimulang umunlad ang unang mga henerasyon ng manunulat na nakapag-angkop ng makabagong porma sa mas bihasa (literate) na mambabasa. Dahil ang nakalathalang anyo (print media) ay nalahukan ng komersyal na imperatibo, nagkaroon ng bagong tunguhin ang maikling kwento: romantikong kwento ng ideal na pag-ibig, pakikipagkaibigan, pamilya, pamayanan, at bansa.

Nagbago ang romantismo pagkaunlad na tinumbok ng popular na magasin sa pagpasok ng tatlong kilusan ng maikling kwento sa bansa. Una, ang grupong Agos sa Disyerto ng dekada 1950 hanggang 60s, na naglalayong baguhin ang malikhaing direksyon ng prosa sa bansa sa pamamagitan ng paglahad ng estetika ng realismo sa makabagong kondisyon ng lipunang Filipino. Agos sa Disyerto ang tinawag sa sarili ng mga kasapi dahil nais magpadaloy ng sariwang agos sa disyerto ng panitikang Filipino.

Ikalawa, ang grupong Sigwa ng gitnang bahagi ng 1960s hanggang maagang bahaging 70s, na naglayong magpalawak ng mas makalipunang realismo sa prosang panitikan ng bansa. Ang Sigwa ay halaw naman sa nabubuonang politikal na rekursong magtratransforma sa nakulob na kontradiksiyon ng lipunang Filipino. Ang magkasalikop na kilusan sa prosa ay magiging batayan ng pagkaunlad ng maikling kwento sa dekada 1970 hanggang 80s. Ang ikatlong kilusan ay ang grupong Katha ng post-EDSA I na henerasyon ng manunulat ay naglayon namang magpalawak ng sakop ng kasapian ng at identifikasyon sa lipunang Filipino: mga bakla, mangingisda, kabataan, gitnang uri, overseas contract workers, at iba pa bilang ilan sa mga ito. Ang post-strukturalista at postmodernistang kabig sa panitikang Filipino ay dulot din ng ethos ng henerasyon ng kritiko't mambabasa na tumatalikdan

sa meta-struktura ng panitikan—o pagpapakahulugan o ang awtoridad ng pagbabasa at pagpapakahulugan.

Sa *Ang Dagling Tagalog at Sakit ng Kalingkingan*, minungkahi ang isang proyekto ng muling pagsasabuhay ng porma ng dagli na kinalabasan ng dalawang libro, ang isa ay kalipunan ng mga orihinal na dagli na popular bilang pakikipagdialogo at pakikipagtunggali sa panahon ng kolonialismong Amerikano, at 100 makabagong dagli ko. Sa inihahaing malikhaing proyektong ito, nais kong makapagsulat ng mga 1,000 maiklingmaikling kwentong SMS at tweets bilang meditasyon ko sa makabagong teknolohiya ng makabagong mambabasa't user na kabilang sa makabagong lipunang Filipino. “Maka-“ ang tinutukoy ko dahil sa konsepto ni Antonio Gramsci, paratihan namang nasa yugto ng interregnum ang mamamayanmambabasa dahil ika nga niya, hindi pa namamatay ang nauna pero hindi pa rin isinisilang ang bago.

@RTDAGLI

Isa sa mga balon na pinaghahalawan ng proyekto ay ang isang Twitter account na Very Short Story (@VeryShortStory), na mayroong ganitong pinakabagong mga entry (1 Abril 2013) halimbawa:

Paul crunched all of the bags of potato chips on the store shelves. If he couldn't eat them on his diet, neither would anyone else.

The parrot did me in when it said “Yes, Kate, right there!” in front of my wife, Ellie.

So, Mr. Stevens, are you ready to tell us what we want to know?” “Never!” “Very well, we have ways of making you talk. Send in the clowns!”

“I Love you.” “I don't believe you. It doesn't sound like you mean it.” “I LOVE you.” “That's better.” “OK, then put the knife down”.

I resent Anger Management class. I don't have a problem. I wasn't angry when I pushed you out in front of the bus. I just don't like you.

I jumped out of the airplane trying to catch you. On the way down, I realized if you wanted to get away that bad, I should just let you go.

(<https://twitter.com/VeryShortStory>)

“Mildly popular” ang account dahil mayroon itong 154,263 followers (1 Abril 2013) at 206,000 followers (3 Setyembre 2017), na siempre ay hindi makakapapantay sa mga popular na account ng mga celebrity na umaabot ng daan-daang milyon. Pero hindi naman kasing narsisistiko’t voyeuristiko ang pampanitikang account kumpara sa celebrities. At kung gayon, may potensyal ang account na ibalik ang pampanitikan (literariness) sa makabagong teknolohiya, na siya ring ninanais ng proyektong ito.

Nilalayon ng proyekto ang mga sumusunod: makapag-ambag ng makabagong porma o paraan ng paglalahad ng makabagong mensahe ng panitikan hinggil sa makabagong lipunang Filipino; makabuo ng antolohiya ng 1,000 maikling-maikling kwentong tweets na siyang naglalaman ng mga makabagong isyus ng mga nauna at kinahinatnang katangian ng lipunan at kasaysayang Filipino; makapagpopularisa ng makabagong panitikan para sa makabagong odyens; at na kahit pa may novelty na salik, ang mga maikling-maikling kwentong tweets ay maging isang plataporma ng popularisasyon ng prosang Filipino para makatulong sa muling kritikal na apresasyon at ebalwasyon ng mambabasa ng panitikan.

PANITIKAN, TEKNOLOHIYA AT BAGONG LITERASI

